# MGA MALING AKALA TUNGKOL



## SA SAFE SPACE AT LGBTQ+ COMMUNITY

## MALING PAG-UNAWA #1

Makasarili at manipulative ang pagkakaroon ng boundaries.

## TAMANG PAG-UNAWA

Pinoprotektahan at tinutulungan tayo ng pagkakaroon ng boundaries upang malaman natin kung ano ang tunay na nakabubuti para sa ating kapakanan, at kung ano ang hindi.

## MALING PAG-UNAWA #2

Kailangang maging confrontational ang boundaries.

## TAMANG PAG-UNAWA

Ang assertive na komunikasyon ang paraan upang maipahayag ang ating pananaw sa isang direkta at magalang na pamamaraan, kahit na iba man ang ating pananaw mula sa kanila.

# MALING PAG-UNAWA #3

Nararapat lang na maranasan ng mga taong queer ang pagbubully at diskriminasyon.

# TAMANG PAG-UNAWA


Merong karapatang pantao at dignidad ang lahat ng miyembro ng LGBTQ+ community, tulad ng lahat ng tao. Hindi tama ang pagbubully at diskriminasyon.

## MALING PAG-UNAWA #4

Kahit kailan ay hindi magkakaroon ng healthy na relasyon ang mga LGBTQ+ na tao.

## TAMANG PAG-UNAWA

Maaaring makabuo ng healthy na relasyon ang lahat ng tao, kahit ano pa man ang kanilang SOGIE.



# MALING PAG-UNAWA #5

Imposibleng ipahayag ang iyong mga kagustuhan at pangangailangan bilang miyembro ng LGBTQ+ na komunidad.

# TAMANG PAG-UNAWA

Sa pamamagitan ng paggamit ng skills na DEAR MAN, GIVE, at FAST, maaari mong ipahayag ang iyong mga kagustuhan at pangangailangan nang may pag-galang sa sarili at sa kapwa.



# MALING PAG-UNAWA #6

Makasarili ang hindi pagkompromiso sa iyong moralidad at pananaw.

# TAMANG PAG-UNAWA

Ang pag-alam sa iyong saloobin at moralidad, at ang hindi pagkompromiso dito para lang maka-iwas sa gulo o patahimikin ang ibang tao, ay isang uri ng self-respect.

## MALING PAG-UNAWA #7

Isang paraan ng pag-develop ng positibong pakikipagkapwa-tao ay ang pagsasang-ayon sa lahat ng sinasabi ng iyong kapwa.

## TAMANG PAG-UNAWA

Sa pakikipagkapwa-tao,
hindi kinakailangang lagi sumang-ayon sa mga damdamin o pananaw ng ating kapwa.

# THE RAINBOW FUND PROJECT

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

MATATAG Bansang Makabata Batang Makabansa

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES DEPARTMENT OF HEALTH

Healthy Pilipinas

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

URC

PSYCHOLOGICAL ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES 1962

UNIVERSITY GENDER HUB